Buong Teksto

ANG BINIBINING TUMALO SA HARI

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang "Ang Binibining Tumalo sa Mahal na Hari" mula sa Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes na muling sinalaysay ni Christine S. Bellen at babasahin nina Jaya Jacobo, Missy Maramara, Jethro Tenorio, at Joseph Dela Cruz.

Noong unang panahon sa isang kaharian sa Tundo ay mayroong dalagang balita sa ganda at talino. Anak si Sharay ni Tasan na isa sa mga utusan ng hari. Maraming binatang nanliligaw sa kanya at isa na rito ang anak ni Datu Abdul.

Alam ba ninyong bawal dati na magkapangasawahan ang dalawang taong hindi magka uri sa lipunan?

Ngunit hindi mapigilan ng datu ang pangingibig ng kanyang anak kay Sharay.

"Hindi po lamang kagandahan niya ang nakabibighani sa akin kundi pati na ang kanyang mabuting ugali at katalinuhan," sabi ng prinsipe sa datu.

Nabuo ang isang plano sa datu. Dadaanin niya sa pagsubok ang binibini. Inutusan niya si Lamukot.

"Hindi ito dapat malaman ng ninuman," utos ng datu.

Nanginig sa takot si Lamukot. Para na rin kasi niyang anak si Sharay dahil anak ito ng kaibigan niyang si Tasan.

Masiglang sumalubong si Sharay kay Lamukot nang makita ito sa bungad ng kanilang bahay.

“Ipinag-uutos ng mahal na datu na lutuin mo raw ang pipit na ito ng labindalawang putahe. Kamatayan ang parusa kapag hindi mo nasunod ang utos,” parang kinurot ang puso ni Lamukot sa dalang balita.

Hindi naman napawi ang sigla ng binibini. Tinanggal niyo ang payneta sa buhok saka inabot kay Lamukot.

“Pakisabi sa mahal na datu na gawin muna niyang labindalawang pinggan at panandok ang aking payneta upang mapaglagyan at maipangkuha ng labindalawang putahe ng pipit na lulutuin ko,” sagot ni Sharay.

Muling pinabalik ng datu si Lamukot kinabukasan.

“Ipinag-uutos ng mahal na dati na ipagpalit mo ng ginto ang tupang ito ngunit ibalik sa kanya ng buhay pagkatapos,” parang nasasamid na sabi ni Lamukot.

Kinabukasan, inahitan ni Sharay ng balahibo ang tupa. Ipinagbili niya ang balahibo kapalit ng isang garapitang ginto. Pagkatapos ay nagtungo siya sa kaharian ng datu upang isauli ang tupa at ibigay ang ginto.

Humanga ang datu sa katalinuhan ng binibini. Ngunit hindi pa doon nagtapos ang kanyang pagsubok.

“May sakit ang datu at nangangailangan ng gatas ng lalaking kalabaw para siya ay gumaling. Ikaw, Sharay, ang napili niyang maghanap nito,” pinagpapawisan si Lamukot sa matinding utos ng datu.

Samantala, nagpasabi noon ang datu sa buong kaharian na walang sinumang maliligo at maglalaba sa ilog kinabukasan dahil maliligo siya.

Nang gabing iyon, kinatay ni Sharay ang alagang baboy sa banig ng kanyang ama. Maagang-maaga kinabukasan ay nagtungo na siya sa ilog upang labhan ang banig na puno ng dugo.

Galit na galit ang datu nang umagos sa kanyang pinagliliguan ang dugo. Ipinag-utos niyang hulihin ang taong naglalaba. Nagulat siya nang si Sharay ang nadakip ng mga guwardiya.

“Ano ang dahilan at naglalaba ka ng banig? Hindi mo ba alam na ipinagbawal ko ang paglalaba at paliligo ngayon?’ sabi ng datu.

“Paumanhin po, mahal na Datu Abdul. Ngunit hindi ko dapat ipagpaliban ang paglalaba ng banig na pinanganakan ng aking ama,” mahinahong sagot ni Sharay.

“Hindi maaring manganak ang lalaki!” nanlaki ang butas ng ilong ng datu sa katwiran ng binibini.

“Kung gayon po, hindi rin maaring magkaroon ng gatas ang lalaking kalabaw,” sagot ni Sharay.

Hindi nakaimik ang datu. Pumalakpak ng malakas si Lamukot pati na rin ang mga guwardiya.

Ibinigay ni Datu Abdul ang kanyang basbas upang maipakasal si Sharay sa prinsipe. Alam niyang magiging katuwang ng kanyang anak ang matalinong binibini sa maayos na pamamalakad ng kanilang bayan.
***

Pinagkuhanan: Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Ang Binibining Tumalo sa Mahal na Hari. Muling isinalaysay ni Christine S. Bellen. 2005. Anvil Publishing.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow’s Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica
Ang Mahiwagang Biyulin
Ang Binibining Tumalo sa Hari
Labindalawang Masasayang Prinsesa

Tahanan Books

Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwentong-bayan

Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

The Termite Queen and other Classic Philippine Earth Tales

Volcano of Love and Death

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

ACKNOWLEDGEMENTS

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Justine Ray Santos	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*

Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adrienne Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Arielle Acosta Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*
Jaya Jacobo	*Assistant Professor, Departmentof Filipino*
Missy Maramara	*Assistant Professor, Department of Fine Arts*
Jethro Teneorio	*Assistant Professor, Department of Filipino*
Joseph Dela Cruz	*Junior Teacher, Subject Area Coordinator for Filipino, ASH* *(voice actors for the episode)*